


# Arts

## Ikaapat na Markahan – Modyul 1: Mga Kagamitan sa Paggawa ng 3 Dimensiyonal Craft



**Arts – Ikalimang Baitang  
Alternative Delivery Mode**

**Ikaapat na Markahan – Modyul 1: Mga Kagamitan sa Paggawa ng 3 Dimensyonal Craft  
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa aklat na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Sarah P. Vitualla

**Editors:** Eden Lynne V. Lopez, Ana Lou R. Montilla

**Tagasuri:** Shirley L. Godoy, Jo-Ann Cerna-Rapada, Charo C. Sombilon

**Tagalapat:** Eden Lynne V. Lopez, Ryan R. Tiu

**Tagapamahala:** Ma. Gemma M. Ledesma

Bebiano I. Sentillas

Rosemarie M. Guino

Joy B. Bihag

Ryan R. Tiu

Nova P. Jorge

Raul D. Agban

Lorelei B. Masias

Josemilo P. Ruiz

Shirley L. Godoy

Eva D. Divino

Jo-ann C. Rapada

**Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_**

**Department of Education – Region VIII**

Office Address: Government Center, Candahug, Palo, Leyte

Telefax: (053) 832-2997

E-mail Address: region8@deped.gov.ph

**5**

# **Arts**

**Ikaapat na Markahan – Modyul 1:  
Mga Kagamitan sa Paggawa ng 3  
Dimensiyonal Craft**

## **Paunang Salita**

Ang *Self-Learning Module* o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## Alamin

Ang sining ng mga sariling palamuti ay nauugnay sa nakaraang panahon bago pa man dumating ang mga Espanyol sa ating bansa. Ang mga sinaunang gintong alahas ng Pilipinas na natagpuan dantaon na ang nakalipas sa bansa ay makikita ngayon sa ayala *Museum* at *Metropololitan Museum*. Ang mga ito ay isang pagpapatunay sa pagiging malikhain at magaling sa sining ang mga katutubong Pilipino.

Ang mga sinaunang gintong alahas ay nagpapakita nang masinsinang pagkakagawa nito. Ang ilan ay gawa sa butil-butit na ginto o di kaya'y hinabing parang hiblang maninipis. Mayroon ding mga alahas na nagpapakita ng kakayahan ng pinaghalong ukit at pagpapanday ng mga hugis sa pagdesinyo ng hikaw, pulseras at iba pang pansariling palamuti.

Ang gawaing sining sa aralin na ito ay bibigyang-diin ang kahalagahan ng muling paggamit ng mga bagay upang ito ay maging kapaki-pakinabang. Tatalakayin dito ang kaugnayan ng sining sa kabuhayan ng tao. Bibigyan halaga ang paglinang sa sariling kakayahan upang mapagyaman ang sarili at kabuhayan sa pamamagitan ng sining.

Sa modyul na ito, ating makilala ang mga kagamitan sa paglikha ng 3 dimensiyonal *craft* na *paper bead* (A5EL-IVa) at inaasahang makamit ang mga sumusunod:

1. Nakikilala ang mga kagamitan sa paglikha ng 3-dimensiyonal *craft* na *paper beads*
2. Nakakasunod sa mga hakbang sa paggawa ng 3 dimensiyonal *craft* na *paper beads*
3. Napahahalagahan ang mga kagamitang makikita sa sariling silid-aralan o pamayanan na maaaring gamitin sa paggawa ng 3 dimensiyonal *craft* na *paper beads*



## Subukin

**Panuto:** Ang sumusunod na mga salita ay lista ng mga materyales sa paggawa ng likhang-sining. Kilalanin at lagyan ng tsek ( ✓ ) kung ito ay kagamitan para sa paggawa ng 3D-*craft* na *paper beads* at ekis ( ✗ ) pag hindi. Isulat ang sagot sa patlang sa ibaba.

- |                         |                          |
|-------------------------|--------------------------|
| _____ 1. Lumang magasin | _____ 6. Manipis na tela |
| _____ 2. Gunting        | _____ 7. Varnish         |
| _____ 3. Pandikit       | _____ 8. Protective mask |
| _____ 4. Linoleum       | _____ 9. Rubber mat      |
| _____ 5. Barbecue stick | _____ 10. Ballon         |

## Aralin

# 1

# Mga Kagamitan sa Paggawa ng 3 Dimensiyonal Craft

Mahalaga ang paglinang sa sariling kakayahan upang mapagyman ang sarili at kabuhayan sa pamamagitan ng sining.



## *Balikan*

**Panuto:** Tukuyin kung ano ang sinasaad sa bawat pangungusap. Piliin ang wastong sagot sa loob ng kahon at isulat ito sa patlang.

3D art

Mobile Art


Maaliwalas

1. Ang \_\_\_\_\_ ay isang uri ng 3D art na maaaring gumagalaw.
2. Ang mobile art ay lubusang mahahangaan kung ito ay nakasabit sa \_\_\_\_\_ na lugar.
3. Ang \_\_\_\_\_ ay uri ng sining na may taas, lapad, anyong paharap, tagiliran, at likuran at maaaring malayang tumayo sa isang lugar.



## *Tuklasin*

**Panuto:** Pagmasdan at suriin ang mga larawan. Alin sa mga ito ang pamilyar sa iyo? Nakita mo na ba ang mga ito ng personal? Isulat sa ibaba ang paraan sa paggawa nito.



(Orbitrasen, 2016)



(Handaculture, 2015)



## ***Suriin***

Ang paggawa ng pansariling palamuti ay maaari mong gawing pangkabuhayan. Madali itong gawin kung gagamitin ang pagkamalikhain sa pagdidisenyo. Lalo nang mainam kung ang gagamiting materyales sa paggawa ay recycled o mga gamit na patapon ngunit maaaring bigyan ng bagong-buhay.

Kilala ang mga Pilipino sa pagiging malikhain at pagkamaparaan. Makikita ito sa estilo ng pananamit, pagkain, at pagkahilig sa pagsusuot ng mga makukulay na mga dekorasyon, palamuti, at alahas sa katawan. Ilan dito ay ang mga pulseras at kuwintas na higit na nagpapatingkad sa kanilang kasuotan.

Ang paper bead ay likhang-sining na ginagamitan ng mga pinulupot na papel na may iba't ibang hugis at kulay.

Ang paggawa ng mga paper bead ay isang mabisang paraan upang mapakinabangang muli ang mga lumang diyaryo, magasin, at makukulay na papel. Maaari itong gawing palamuti o dekorasyon sa ating tahanan at higit sa lahat, maaari rin itong pagkakakitaan.

Mga kagamitan:


- Makulay na papel o lumang magasin
- Gunting
- Pandikit
- *Barbecue stick*
- *Varnish*
- *Protective mask*

Mga hakbang sa paggawa:

(Mag-ingat sa paggamit ng gunting at sa matutulis na bagay)

1. Gumupit ng mga hugis tatsulok mula sa makukulay na papel o lumang magasin na may 1" by 4" (2.5cm x10cm) na tatsulok.
2. Lagyan ng glue o pandikit ang magkabilang dulo ng tatsulok.
3. Ipulupot ang papel sa *barbeque stick*. Panatilihin ang tatsulok sa gitna habang ipinupulupot.
4. Higpitan ang pagpulupot sa papel kung nais na maging matibay ang beads.
5. Kapag tapos na ipulupot, pahiran ng pandikit ang kabilang dulo ng tatsulok.
6. Lagyan ng *varnish* upang kumintab at hayaang matuyo. Siguraduhing magsuot ng *protective mask* upang hindi malanghap ang *varnish*.
7. Suriin ang nilikhang sining gamit ang rubrik.

Mga Sukatan	Higit na nasusunod ang hakbang sa paggawa ng paper beads	Nasusunod ang hakbang sa paggawa ng paper beads	Hindi nasusunod ang hakbang sa paggawa ng paper beads
	<b>5</b>	<b>3</b>	<b>1</b>
1. Nakabuo ng paper beads higit sa lima			
2. Gumamit ng lahat ng kagamitan sa paggawa ng paper beads			
3. Nakikita ang malikhaing paggamit ng mga hakbang sa paggawa ng paper beads			
4. nakikita ang pagsusumikap ng mag-aaral na makagawa ng paper beads			



## ***Pagyamanin***

### **Gawain 1**

**Panuto:** Kilalanin ang mga kagamitan sa paggawa ng 3D-Art na nasa ibaba. Isulat ang sagot sa patlang.

1. \_\_\_\_\_



(maja7777 2020)

2. \_\_\_\_\_



(Ferguson, 2011)



3. \_\_\_\_\_



("Free Stock Photos - Pxhere"  
2017)

4. \_\_\_\_\_



(Calkins n.d.)

5. \_\_\_\_\_



(Crisco 2015)

6. \_\_\_\_\_



<https://www.piqsels.com/en/public-domain-photo-fktyj>.

7. \_\_\_\_\_




(oneVillage Initiative. 2010)

## Gawain 2

**Panuto:** Isulat sa tamang *arrow* ang wastong pagkasunod-sunod sa paggawa ng *paper beads*. Nasa loob nga kahon ang mga hakbang.

- Higpitan ang pagpulupot sa papel kung nais na maging matibay ang beads
- Lagyan ng *varnish* upang kumintab at hayaang matuyo. Siguraduhing magsuot ng *protective mask* upang hindi malanghap ang *varnish*.
- Ipulupot ang papel sa *barbeque stick*. Panatilihin ang tatsulok sa gitna habang ipinupulupot.
- Gumupit ng mga hugis tatsulok mula sa makukulay na papel o lumang magasin na may 1" by 4" (2.5cm x10cm) na tatsulok.

- Kapag tapos na ipulupot, pahiran ng pandikit ang kabilang dulo ng tatsulok.
- Lagyan ng glue o pandikit ang magkabilang dulo ng tatsulok.



### Gawain 3

**Panuto:** Bilang isang mag-aaral, paano mo mapahahalagahan ang mga kagamitang makikita sa sariling silid-aralan o pamayanan na maaring gamitin sa paggawa ng 3 dimensiyonal *craft* na *paper beads*?



### ***Isaisip***

Ang natutunan ko sa araling ito ay \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_.



## Isagawa

**Panuto:** Gumawa ng dalawang *paper beads*; maaaring kuwintas at pulseras gamit ang wastong kagamitan at hakbang sa paggawa nito.

Rubrik para sa paper bead

Mga Sukatan	Nakasunod sa pamtayan nang higit sa inaasahan 5	Nakasunod sa pamtayan subalit may ilang pagkukulang 3	Hindi nakasunod sa pamtayan 1
1.Nakagawa ako ng desinyo ayon sa pinag-aralan			
2.Naipakita ko ang pagkamalikhain sa paggawa ng likhang -sining			
3.Naisasagawa ko nang buong husay at malinis ang ginawang mga paper bead			
4.Naibabahagi ko ang sariling likha sa kapangkat			



## Tayahin

- I. **Panuto:** Kilalanin ang mga kagamitan sa paglikha ng *3-Dimensional craft paper beads*. Tambalin ang salita na nasa Hanay A sa kagamitan na nasa Hanay B. Isulat ang tamang sagot sa patlang.

Hanay A	Hanay B
1. Ang mga kuwintas, pulseras, hikaw, at singsing ay tinatawag na pansariling ____.	a. varnish
2. Ang sining ay maaring makatulong sa pagpapayaman ng kakayahan at ____.	b. Paper beads
3. Ang pangunahing gamit sa paggawa ng paper beads ay _____.	c. Makukulay na papel o magasin
4. Ang mga _____ ay likhang-sining na ginagamitan ng mga pinulupot na papel na may iba't ibang hugis at kulay.	d. kabuhayan
5. _____ ang ilagay upang kumintab ang gawang paper beads.	e. palamuti

- II. **Panuto:** Hanapin at bilugan ang mga nakatagong salita sa puzzle na mga kagamitan na ginagamit sa paggawa ng paper beads. Isulat sa ibaba ang mga nabuong salita.

V	S	T	I	C	K	M	R	E	T
A	Y	G	U	N	T	I	N	G	A
R	D	T	U	P	M	A	S	K	N
N	J	G	T	Y	U	J	H	G	G
I	P	A	N	D	I	K	I	T	S
S	B	O	R	L	O	L	O	Y	E
H	G	H	U	P	O	L	U	I	J
M	A	G	A	S	I	N	Q	A	G

1. \_\_\_\_\_ 3. \_\_\_\_\_ 5. \_\_\_\_\_ 7. \_\_\_\_\_  
 2. \_\_\_\_\_ 4. \_\_\_\_\_ 6. \_\_\_\_\_ 8. \_\_\_\_\_



## Karagdagang Gawain

**Panuto:** Gumawa ng isang *bracelet* na paper beads. Sundin ang wastong hakbang sa paggawa nito.

Sagutin ang tanong nang buong katapatan. Lagyan ng tatsulok (  $\triangle$  ) ang hanay na iyong naisagawa.

	Oo	Hindi	Ilan lang
Nakasunod ba ako sa hakbang ng paggawa ng <i>bracelet</i> na paper beads?			
Naayos ko ba ang paggawa ng <i>bracelet</i> na paper beads?			
Naging malikhain ba ako sa aking paggawa nito?			
Nagawa ko ba ito ng malinis?			



## Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

- /
- /
- /
- /
- /
- X
- /
- /
- x

**Balikan**

- Mobile art
- Maaliwalas
- 3D art

**Tuklasin**

Maaring sagot

- Unang larawan ang pamilyar, Oo Nakita na mga borioloy na tinuhog nga tangse o sinulid
- Pangalawang larawan ang pamilyar, Oo Nakita na mga borioloy na tinuhog nga tangse o sinulid
- Walang pamilyar, hindi pa Nakita.

**Pagymaanin**  
Gawain 1 :

1. Pandikit
2. Lumang magasin
3. Protective mask
4. Makulay na papel
5. Gunting
6. Barbeque stick
7. borioloy

Gawain 2 :

1. Gumput ng mga hugis tatsulok mula sa makukulay na papel o lumang magasin na may 1" by 4" (2.5cm x10cm) na tatsulok.
2. Lagyan ng glue o pandikit ang magkabilang duong tatsulok.
3. Iputol ang papel sa *barbeque stick*. Panatilihin ang tatsulok sa gitna habang ipinupulput.
4. Higitan ang pagpupulput sa papel kung nais na maging matbay ang beads.
5. Kapag tapos na ipulput, pahiran ng pandikit ang kabilang duong tatsulok.
6. Lagyan ng *varnish* upang kumintab at hayaang matuyo. Siguraduhing magsuot ng *protective mask* upang hindi malanghap ang *varnish*.

Gawain 3 :

1. Answers may Vary

**Isaisip**

Ang natutuhan ko sa araling ito ay ang mga kagamitan sa paggawa ng paper beads at ang mga paraan kung paano ito gawin . natutuhan ko rin na ang paggawa nito ay maaaring makatulong dagdag kita sa pamilya.

**Tayahin I**

1. E
2. D
3. C
4. B
5. A

**Tayahin II**

- Varnish
- Stick
- Magasin
- Tangse
- Borioloy
- Pandikit
- Mask
- Gunting

## **Sanggunian**

- Hazel P. Copiaco at Emilio S. Jacinto. *Halinang Umawit at Gumuhit 5 Textbook*. Vibal Group Incorporated. 2016. Gregorio Araneta Avenue, Quezon City, Philippines. pahina 160-163.
- Orbitrasen. 2016. "File:Beautiful Paper Necklaces.Jpg - Wikimedia Commons". *Commons.Wikimedia.Org*.  
[https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Beautiful\\_Paper\\_necklaces.jpg](https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Beautiful_Paper_necklaces.jpg). Accessed January 25, 2021.
- Handaculture. 2015. "File:Paper Beads.Jpeg - Wikimedia Commons". *Commons.Wikimedia.Org*.  
[https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Paper\\_beads.jpeg](https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Paper_beads.jpeg). Accessed January 25, 2021.
- maja7777. 2020. <https://pixabay.com/illustrations/protective-mask-virus-protection-5006098/>. Accessed 23 March 2021. Free for commercial use  
No attribution required
- Ferguson, Kendra. 2011. "Glue". Flickr.  
<https://www.flickr.com/photos/capitalk/5584558480>. Accessed 23 March 2021.
- "Free Images : Read, Advertising, Newspaper, Fast Food, Literature, Press, Waiting Room, Supermarket, Poster, Magazines, Sale, Journalism, Folders, Fashion Magazine 2496X1664 - - 1084441 - Free Stock Photos - Pxhere". 2017. Pxhere.Com. <https://pxhere.com/en/photo/1084441>. Accessed 23 March 2021. CC0 Public Domain
- Calkins, Shae. 2021. "Colored Paper On Black Background Image". Pixy.Org.  
Accessed March 23. <https://pixy.org/158514/>. Accessed 23 March 2021.
- Crisco 1492. 2015. "File:Pair Of Scissors With Black Handle, 2015-06-07.Jpg - Wikimedia Commons". *Commons.Wikimedia.Org*.  
[https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Pair\\_of\\_scissors\\_with\\_black\\_handle,\\_2015-06-07.jpg](https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Pair_of_scissors_with_black_handle,_2015-06-07.jpg). Accessed 23 March 2021.
2021. Accessed March 23. <https://www.piqsels.com/en/public-domain-photo-fktyj>.
- oneVillage Initiative. 2010. "Krobo Beads". Flickr.  
<https://www.flickr.com/photos/1village/4979153003>. Accessed 23 March 2021.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)